

Ang Pagkatakot sa Dios Yugto 12

Ang Pagpapanatili ng Iyong mga Panata sa Dios

“21 Pagka ikaw ay magpapanata ng isang panata sa Panginoon mong Dios, ay huwag kang magluluwat ng pagtupad: sapagka't walang pagsalang uusisain sa iyo ng Panginoon mong Dios; at magiging kasalanan sa iyo. 22 Nguni't kung ikaw ay magbawang manata, ay hindi magiging kasalanan, sa iyo:” (Deuteronio 23:21-22 KJV)

Sa pagtatakda ng panata sa Dios kailangan mong tuparin ang iyong ipinanata upang ang Kanyang mga pagpapala ay patuloy na dumaloy sa iyong buhay at sa buhay ng iyong pamilya at ng mga taong kasama mo. Ito din ang sinasabi ng Salita ng Dios sa atin: **“14 Ihandog mo sa Dios ang haing pasasalamat: at tuparin mo ang iyong mga panata sa Kataastaasan:” (Awit 50:14 KJV)**

Gumawa ka ng isang panata nang ikaw ay nasa kaguluhan, kaya kailangan mong tuparin ito kapag sinagot ng Dios ang iyong mga panalangin at iniligtas ka mula sa iyong mga kaguluhan, gaya ng sinabi ng Mang aawit sa Dios, **“13 Ako'y papasok sa iyong bahay na may mga handog na susunugin, aking babayaran sa iyo ang mga panata ko, 14 Na sinambit ng aking mga labi, at sinalita ng aking bibig, nang ako'y nasa kadalambahatian.” (Awit 66:13-14 KJV)** Kahit ang mga hindi mananampalataya nang inilagay sila ng Dios sa isang mahirap na sitwasyon gumawa sila ng kanilang mga panata at ginawa ang kanilang tungkulin upang tuparin; gaya ng mababasa natin dito ang tungkol sa mga Egipcio na sinalita ni Isaias sa kanyang hula, **“21 At ang Panginoon ay makikilala sa Egipto, at makikilala ng mga Egipcio ang Panginoon sa araw na yaon; oo, sila'y magsisisamba na may hain at alay, at magsisipanata ng panata sa Panginoon, at tutuparin.” (Isaias 19:21 KJV)** Mababasa rin natin ang tungkol sa mga kalalakihan na nasa sasakyang dagat matapos nilang itapon ni Jonas sa dagat: **“16 Nang magkagayo'y nangatakot na mainam ang mga tao sa Panginoon; at sila'y nangaghandog ng isang hain sa Panginoon, at nagsipanata.” (Jonas 1:16 KJV)** Kung ang mga hindi mananampalataya ay nagagawa ang ganoon, sa gayon gaano pa kaya ang bayan ng Dios at para sa atin ngayon, na kailangan nating maging masunurin at masigasig sa pagtupad ng ating mga panata sa Dios kapag iniligtas niya tayo at sinagot ang ating mga panalangin.

Kaya maging masigasig at magalak na tuparin na ang iyong mga panata sa Dios gaya ng sinabi ng Mang aawit, **“12 Ang iyong mga panata ay sa akin, Oh Dios: ako'y magbabayad ng mga handog na pasalamat sa iyo.” (Awit 56:12 KJV)** Huwag gumaya kay Jonas na dinisiplina ng Dios at inilagay siya sa tiyan ng malaking isda upang pilitin siya na bayaran ang kanyang mga panata. Ngunit kalaunan isinuko ni Jonas sa Dios at ginawa ang kanyang ipinanata gaya ng mababasa natin dito mula sa kanyang bibig, **“Nguni't ako'y maghahain sa iyo ng tinig ng pasasalamat; Aking tutuparin yaong aking ipinanata. Kaligtasa'y sa Panginoon.” (Jonah 2:9 KJV)** Para tuparin ang ating mga panata, na magtatak sa mga di mananampalatayang nakapalibot sa atin; ang ating mabuting halimbawa sa bagay na iyon ay pagtupad sa ating mga panata sa Dios at upang panatilihin ang ating pangako ay makakatulong sa mga di mananampalataya na marinig ang mabuting balita at ang kaligtasan ni Jesus sa tamang paraan; gaya ng mababasa natin dito, **“15 Narito, nasa ibabaw ng mga bundok ang mga paa niyang nangagdadala ng mga mabuting balita, na nangagbahayag ng kapayapaan! Ipagdiwang mo ang iyong mga kapistahan, Oh Juda, tuparin mo ang iyong mga panata; sapagka't ang masama ay hindi na dadaan pa sa iyo; siya'y lubos na nahihalay.” (Nahum 1:15 KJV)** Kaya ilagay sa iyong isipan, kapag ipinangaral mo ang evangelio sa nawawala, kailangan mong isabuhay ang mensahe at ang Salita ng Dios, upang ang kaligtasan ay dumaloy sa pamamagitan mo sa iba, at ang iyong mabuting buhay ay maging isang mabuting halimbawa sa kanila upang sumunod kay Cristo.

Gayundin ilagay sa iyong isipan na ang iyong mga panata sa Dios ay kailangan mong tuparin sa presensya sa buhay ng bayan ng Dios, sa Kanyang simbahan, gaya ng mababasa natin dito, **“14 Aking babayaran ang mga panata ko sa Panginoon, Oo, sa harapan ng buo niyang bayan. 18 Aking babayaran ang mga panata ko sa Panginoon, Oo, sa harapan ng buo niyang bayan;” (Awit 116:14,18 KJV)** **“1 Ang kapurihan ay naghihintay sa iyo, Oh Dios, sa Sion: at sa iyo'y maisasagawa ang panata.” (Awit 65:1 KJV)** Ang Sion ay dako ng Kanyang santuwaryo at ng Kanyang bayan sa palibot Niya, at ngayon ay ang simbahan kung saan kailangan mong tuparin ang iyong pangako sa Dios sa presensya ng Kanyang bayan. Tinutupad ng Dios ang kanilang mga panata sa santuwaryo ng Dios, na matatagpuan sa dakong iyon ang kaban na kanyang itinalaga; sa dakong iyon kung saan inutusan ang mga tao na dalhin ang kanilang mga panata sa Dios, Ang gayong kaayusan ay upang patunayan ang katapangan ng bayan ng Dios patungo sa Dios, at doon kung saan ang mga seserdote ay nasa kanilang mga katungkulan upang himukin ang mga tao na maging masigasig sa pagtupad sa kanilang mga panata. Ang mga taong tumutupad ng kanilang mga panata sa santuwaryo ng Dios, sa Kanyang simbahan, sa Kanyang bayan ay hihikayat sa iba na mamuhay nang masunurin kay Cristo. Ang mga natatakot sa Dios ay mapapansin at pahihintulutan ng Dios at ng Kanyang simbahan at sila'y magiging mabuting halimbawa sa iba na dapat tularan. Mababasa natin ang tungkol sa kanila ang sumusunod: **“16 Nang magkagayo'y silang nangatakot sa PANGINOON ay nagsangusapan: at pinakinggan ng PANGINOON, at dininig, at isang**

aklat ng alaala ay nasulat sa harap niya, para sa kanila na nangatakot sa PANGINOON, at gumunita ng kaniyang pangalan. 17 At sila'y magiging akin, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, sa araw na aking gawin, sa makatuwid baga'y isang tanging kayamanan; at akin silang kaaawaan, na gaya ng isang tao na naaawa sa kaniyang anak na naglilingkod sa kaniya. 18 Kung magkagayo'y manunumbalik kayo at makikilala ninyo ang matuwid at ang masama, yaong naglilingkod sa Dios at yaong hindi naglilingkod sa kaniya.” (Malakias 3:16-18 KJV) Ang mga natatakot sa Dios at tumutupad ng kanilang mga panata, sila'y pararangalan ng Dios, at ang kanilang buhay ay pagpapalain ng Dios, at magkakaroon ng kapangyarihan at awtoridad sa buong kaaway nila at mapapansin ng bawat isa kung paanong ililigtas sila ng Dios mula sa mga kaguluhan dahil Siya ay nalulugod sa kanilang buhay. Mababasa natin ang tungkol sa kanila ang sumusunod: “2 Nguni't sa inyo na nangatakot sa aking pangalan ay sisikat ang araw ng katuwiran na may kagalingan sa kaniyang mga pakpak; at kayo'y magsisilabas, at magsisiluksong parang guya mula sa silungan. 3 At inyong yayapakan ang masasama; sapagka't sila'y magiging abo sa ilalim ng mga talampakan ng inyong mga paa sa kaarawan na aking gawin, sabi ng Panginoon ng mga hukbo.” (Malakias 4:2-3 KJV)

Ang pagdadala at pagtupad ng mga panata sa Kanyang santuwaryo, iyon ang simbahan ng Dios, ay magbibigay ng pagkakataon para sa mga seserdote, sa mga namumuno sa simbahan, sa mga pastor upang siyasatin at pahintulutan ang ipinanata at inihandog ng mga tao sa Dios, at sawayin at ituwid ang mga nandadaya sa pagtupad ng kanilang mga panata. Mababasa natin ang tungkol sa mga sumusunod na nandadaya sa Dios: “14 Nguni't sumpain ang magdaraya na mayroon sa kaniyang kawan na isang lalake, at nananata, at naghahain sa Panginoon ng marungis na bagay; sapagka't ako'y dakilang Hari, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, at ang aking pangalan ay kakilakilabot sa gitna ng mga Gentil.” (Malakias 1:14 KJV) Kaya, huwag dayain ang Dios upang ang kanyang sumpa ay huwag mahulog sa iyo.

Ang mabuting halimbawa mula sa Bibliya ng mga tumupad sa kanilang mga panata sa kalagitnaan ng bayan ng Dios ay halimbawa ni Hanna ang ina ni Samuel na namanata upang ibigay ang kanyang unang anak sa Panginoon. Ating basahin ang salaysay ni Hanna at matutunan ang makaDios na paraan mula sa kanyang mabuting pag uugali: “7 At gayon ang ginagawa niya sa taon-taon, na pagka inaahon niya ang bahay ng PANGINOON ay minumungkahi niyang gayon ang isa; kaya't siya'y umiyyak, at hindi kumakain. 8 At sinabi ni Elcana na kaniyang asawa sa kaniya, Ana, bakit ka umiyyak? at bakit hindi ka kumakain? at bakit nagdadalamhati ang iyong puso? hindi ba ako mabuti sa iyo kay sa sa ngpung anak? 9 Sa gayo'y bumangon si Ana pagkatapos na makakain sila sa Silo at pagkatapos na sila'y makainom. Ngayoy si Eli na saserdote ay nakatupo sa upuan niya sa siping ng haligi ng pintuan ng templo ng PANGINOON. 10 At siya'y nanalangin sa PANGINOON ng buong paghihinagpis ng kaluluwa, at tumangis na mainam. 11 At siya'y nanata ng isang panata, at nagsabi, Oh PANGINOON ng mga hukbo, kung tunay na iyong lilingunin ang pagkapighati ng iyong lingkod, at aalalahanin mo at hindi mo kalilimutan ang iyong lingkod, kundi iyong pagkakalooban ang iyong lingkod ng anak na lalake, ay akin ngang ibibigay sa PANGINOON sa lahat ng kaarawan ng kaniyang buhay, at walang pangahit na daraan sa kaniyang ulo. 12 At nangyari, habang siya'y nananatili ng pananalangin sa harap ng PANGINOON, ay pinagmamasdan ni Eli ang kaniyang bibig. 13 Si Ana nga'y nagsasalita sa kaniyang puso; ang kaniya lamang mga labi ang gumagalaw, nguni't ang kaniyang tinig ay hindi naririnig: kaya't inakala ni Eli na siya'y lasing. 14 At sinabi ni Eli sa kaniya, Hanggang kailan magiging lasing ka? ihiwalay mo ang iyong alak sa iyo. 15 At sumagot si Ana, at nagsabi, Hindi, panginoon ko, ako'y isang babae na may diwang mapanglaw: hindi ako nakainom ng alak o inuming nakalalasing, kundi aking inihayag ang aking kaluluwa sa harap ng PANGINOON. 16 Huwag mong ibilang na babaing hamak ang iyong lingkod: sapagka't sa kasaganaan ng aking daing at ng aking pagkaduwahagi ay nagsalita ako hanggang ngayon. 17 Nang magkagayo'y sumagot si Eli, at nagsabi, Yumaon kang payapa: at ipagkaloob nawa sa iyo ng Dios ng Israel ang iyong hiling na hinihingi mo sa kaniya. 18 At sinabi niya, Makasumpong nawa ang iyong lingkod ng biyaya sa iyong paningin. Sa gayo'y nagpatuloy ng kaniyang lakad ang babae at kumain, at ang kaniyang mukha'y hindi na malumbay. 19 At sila'y bumangong maaga ng kinaumagahan, at sumamba sa PANGINOON, at bumalik, at umuwi sa kanilang bahay sa Ramatha; at nakilala ni Elcana si Ana na kaniyang asawa; at inalala siya ng Panginoon. 20 At nangyari, nang sumapit ang panahon, na si Ana ay naglihi, at nanganak ng isang lalake; at tinawag ang pangalan niya na Samuel, na sinasabi, Sapagka't aking hiningi siya sa PANGINOON. 21 At ang lalaking si Elcana, at ang buong sangbahayan niya, ay nagsiahon upang maghandog sa PANGINOON ng hain sa taon-taon, at ganapin ang kaniyang panata. 22 Nguni't si Ana ay hindi umahon; sapagka't sinabi niya sa kaniyang asawa, Hindi ako aahon hanggang sa ang bata'y mahiwalay sa suso; at kung magkagayo'y aking dadalhin siya, upang siya'y pakita sa harap ng PANGINOON, at tumahan doon magpakailan man. 23 At sinabi ni Elcana na kaniyang asawa sa kaniya, Gawin mo ang inaakala mong mabuti; maghintay ka hanggang sa maihiwalay mo siya sa suso; pagtibayin lamang ng PANGINOON ang kaniyang salita. Sa gayo'y naghintay ang babae, at pinasuso ang kaniyang anak, hanggang sa naihiwalay niya sa suso. 24 At nang kaniyang maihiwalay na sa suso, ay kaniyang iniahon, na may dala siyang tatlong guyang lalake, at isang epang harina, at isang sisidlang balat ng alak, at dinala niya siya sa bahay ng PANGINOON sa Silo: at ang anak ay sanggol. 25 At kanilang pinatay ang guyang lalake, at dinala ang bata kay Eli. 26 At sinabi niya, Oh panginoon ko, alangalang sa buhay ng iyong kaluluwa, panginoon ko, ako ang babaing tumayo sa siping mo rito, na nanalangin sa

PANGINOON. 27 *Dahil sa batang ito ako nanalangin; at ipinagkaloob sa akin ng PANGINOON ang aking hiling na aking hiningi sa kaniya:28 Kaya't aking ipinagkaloob naman sa PANGINOON habang siya'y nabubuhay ay ipinagkaloob ko siya sa PANGINOON. At siya ay sumamba sa Panginoon doon.*” (1 Samuel 1:7-28 KJV) Gaya ng ating binasa, si Ana ay nanalangin sa Dios at gumawa ng kanyang panata na ibibigay sa Dios kung anong ibibigay Niya sa kanya. Ang Dios ay maawain sa kanya sa pagbibigay sa kanya kay Samuel, at kaya sa pagbabalik tinupad niya ipinangako niya sa Dios sa pagbibigay ng kanyang anak na si Samuel sa Panginoon. Ang seserdote sa dakong iyon ng pagsamba ay pinuri si Ana para sa kanyang mabuting pag-uugali patungo sa Dios at naghangaad pa ng higit na pagpapala ng Dios sa kanya gaya ng mababasa natin dito, **“19 Bukod sa rito'y iginagawa siya ng kaniyang ina ng isang munting balabal, at dinadala sa kaniya taon-taon, pagka siya'y umaahon na kasama ng kaniyang asawa upang maghandog ng hain sa taon-taon. 20 At binasbasan ni Eli si Elcana at ang kaniyang asawa, at sinabi, Bigyan ka nawa ng PANGINOON ng binhi sa babaing ito sa lugar ng hingi na kaniyang hiningi sa PANGINOON. At sila'y umuwi sa kanilang sariling bahay.”** (1 Samuel 2:19-20 KJV) At tunay na higit pang pinagpala ng Dios si Ana para sa kanyang katapatan at binigyan siya ng maraming anak gaya ng mababasa natin dito: **“21 At dinalaw ng PANGINOON si Ana, at siya'y naglihi, at nagkaanak ng tatlong lalake at dalawang babae. At ang batang si Samuel ay lumalaki sa harap ng Panginoon.”** (1 Samuel 2:21) **Kaya habang ikaw ay mataimtim at tapat sa pagtupad ng iyong mga panata sa Panginoon, ang pagpapala ng Dios at dadaloy pa sa iyong buhay, at higit na ibibigay mo sa Dios, sa gayon ang higit na pagpapalain ka Niya.**

Ang iba pang halimbawa ay ang ina ni Lemuel, na humiling siya sa Dios ng isang anak gaya ng mapapagpasyahan natin ang tungko doon mula sa Banal na Kasulatang ito: **“1 Ang mga salita ng haring Lemuel; ang sanggunian na itinuro sa kaniya ng kaniyang ina. 2 Ano anak ko? at ano, Oh anak ng aking bahay-bata? At ano, Oh anak ng aking mga panata?”** (Kawikaan 31:1-2 KJV) Ang babaeng iyon nang binigyan siya ng Dios ng isang anak, tinuruan niya siya ng kabanalan at katuwiran gaya ng kanyang ipinata, at gaya ng sumusunod:

A. Tinuruan niya siya na huwag uminom ng alak: Gaya ng babasahin natin dito: **“3Huwag mong ibigay ang iyong kalakasan sa mga babae, o ang iyo mang mga lakad sa lumilipol ng mga hari. 4 Hindi sa mga hari, Oh Lemuel, hindi sa mga hari ang paginom ng alak; ni sa mga pangulo man, na magsabi, saan nandoon ang matapang na alak. 5 Baka sila'y uminom, at makalimotan ang kautusan, at humamak ng kahatulan sa sinomang nagdadalamhati. 6 Bigyan mo ng matapang na inumin siya na handang manaw, at ng alak ang mapanglaw na loob. 7 Uminom siya at limutin niya ang kaniyang kahirapan, at huwag nang alalahanin pa ang kaniyang karalitaan.”** (Kawikaan 31:3-7 KJV) **Sa parehong paraan, hindi natin kailangang uminom ng alak at alcohol at kailangang ituro natin sa ating mga anak ang katulad.**

B. Tinuruan niya siya na tulungan ang naapi at magsalita para sa kanilang ngalan: Gaya ng mababasa natin dito: **“8 Bukhin mo ang iyong bibig sa pipi, sa bagay ng lahat ng naiwang walang kandili. 9 Bukhin mo ang iyong bibig, humatol ka ng katuwiran, at mangasiwa ka ng kahatulan sa dukha at mapagkailangan.”** (Kawikaan 31:8-9 KJV) **Sa parehong paraan, kailangan nating manindigan kasama ang mahihirap at ipagtanggol ang mga inapi at turuan ang ating mga anak na gawin din ito.**

C. Tinuruan niya siya ng makaDios na mga katangian at ang kahalagahan ng pag-aasawa sa isang marangal na babae: Gaya ng mababasa natin dito: **“10 Isang mabait na babae sinong makakasumpung? Sapagka't ang kaniyang halaga ay higit na makapupo kay sa mga rubi. 11 Ang puso ng kaniyang asawa ay tumitiwala sa kaniya, at siya'y hindi kukulangin ng pakinabang. 12 Gumagawa siya ng mabuti sa kaniya at hindi kasamaan lahat ng mga kaarawan ng kaniyang buhay. 13 Siya'y humahanap ng balahibo ng tupa at lino, at gumagawang kusa ng kaniyang mga kamay. 14 Siya'y parang mga sasakyang dagat ng kalakal; nagdadala siya ng kaniyang pagkain mula sa malayo. 15 Siya'y bumabangon naman samantalang gabi pa, at nagbibigay ng pagkain sa kaniyang sangbahayan, at ng kanilang gawain sa kaniyang alilang babae. 16 Kaniyang minamasdan ang bukid at binibili: sa pamamagitan ng kaniyang kamay ay nagtatanim siya ng ubasan. 17 Binibigkisan niya ang kaniyang mga balakang ng kalakasan, at nagpapalakas ng kaniyang mga bisig. 18 Kaniyang namamalas na ang kaniyang kalakal ay makikinabang: ang kaniyang ilaw ay hindi namamatay sa gabi. 19 Kaniyang itinangan ang kaniyang mga kamay sa panulid, at ang kaniyang mga kamay ay humahawak ng panghabi. 20 Iginagawad niya ang kaniyang kamay sa dukha: Oo, iniabot niya ang kaniyang mga kamay sa mapagkailangan. 21 Hindi niya ikinatatakot ang kaniyang sangbahayan sa niebe; sapagka't ang boo niyang sangbahayan ay nakapanamit ng mapulang mapula. 22 Gumagawa siya sa ganang kaniya ng mga unang may burda; ang kaniyang pananamit ay mainam na kayong lino at ng kayong kulay ube. 23 Ang kaniyang asawa ay kilala sa mga pintuang-bayan, pagka siya'y nauupo sa kasamahan ng mga matanda ng lupain. 24 Gumagawa siya ng mga kasuutang kayong lino at ipinagbibili; at nagbibigay ng mga pamigkis sa mga mangangalakal. 25 Kalakasan at kamahalan ay siyang kaniyang suot. At kaniyang tinatawanan ang panahong darating. 26 Binubuka niya ang kaniyang bibig na may karunungan; at ang kautusan ng kagandahang-loob ay nasa kaniyang dila. 27 Kaniyang tinitignang mabuti ang mga lakad ng kaniyang sangbahayan, at hindi kumakain ng tinapay ng katamaran. 28 Nagsisibangon ang kaniyang mga**

anak, at tinatawag siyang mapalad; gayon din ang kaniyang asawa, at pinupuri siya niya, na sinasabi: 29 Maraming anak na babae ay nagsisigawang may kabaitan, nguni't ikaw, ay humihigit sa kanilang lahat. 30 Ang lingap ay magdaraya, at ang kagandahan ay walang kabuluhan: nguni't ang babae na natatakot sa Panginoon, ay siya'y pupurihin. 31 Bigyan ninyo siya ng bunga ng kaniyang mga kamay; at purihin siya ng kaniyang mga gawa sa mga pintuang-bayan.” (Kawikaan 31: 10-31 KJV) Sa parehong paraan, kailangan nating turuan ang ating mga anak at disiplinahin ng kahalagahan ng makaDios na pag aasawa at mag asawa ayon sa kalooban ng Dios at sa isang makaDios na kabiya.

Samakatuwid, at mula sa halimbawa ng ina ni Lemuel, kapag binigyan ka ng Dios ng mga anak palakihin at sanayin sila sa pagkatakot sa Panginoon. Lahat tayo ay kailangang ituro sa ating mga anak ang makaDios na mga bagay gaya ng ginawa ng ina ni Lemuel upang pagpalain sila ng Dios kasama ng kanilang pamilya.

Sa aking mahal at minamahal: “Manata ka at tuparin mo sa PANGINOON mong Dios: magdala ng mga kaloob sa kaniya na marapat katakutan, yaong lahat na nangasa buong palibot niya.” (Awit 76:11 KJV) Ito ay panahon para sa iyo upang siyasatin ang iyong sarili at maging masigasig at tapat sa Dios sa pagtupad ng lahat ng iyong ipinanata sa Kanya, lalo na sa panahon na ikaw ay nasa kaguluhan.

Matutunan din mula sa mabuting halimbawa ni Ana at ng ina ni Lemuel nang sila’y nanalangin sa Dios na bigyan sila ng mga anak at binigyan sila ng Dios. Ibinigay ni Ana si Samuel sa Dios at dinala siya sa Panginoon sa Kanyang santuwaryo at hinayaan siyang manatili doon at namuhay kasama ng seserdote upang maglingkod sa bahay ng Dios. At ang ina ni Lemuel ay pinalaki ang kanyang anak sa pagkatakot sa Panginoon at tinuruan siya na ipamuhay ang mga alintuntunin sa kanyang buhay; tinuruan niya siya na umiwas mula sa pag iinom, na manindigan kasama ng mga dukha at ipagtanggol ang mga naapi at pahalagahan ang makaDios na pag aasawa sa pag aasawa sa isang makaDios na babae na may takot sa Dios.

Ang panahon ay para sa iyo ngayon upang pagbulayan ang mensahe at isalin ito sa iyong buhay, sa pagsasapamuhay ng mga alintuntunin na ating natutunan mula sa Salita ng Dios.

Tayo ay manalangin...

Ang aking Panalangin: Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga namatay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa iyong Salita na itinuro sa akin kung paanong mamuhay ng isang makaDios na buhay patungkol upang maging tapat sa iyo sa pagsunod sa iyong Salita at mga utos, at upang tuparin iyon, at gawin ang aking mga ipinanata sa iyo, sa iyong simbahan at sa presensya ng iyong bayan.

Simbahan, lumapit ngayon sa Panginoon at magsisi at talikdan ang lahat ng iyong mga kasalanan at pagkukulang. Talikdan ang mga kasalanan ng walang katapatan, paggawa ng iyong sariling kalooban, pagiging masamang halimbawa sa iba na nakapalibot sa iyo, at sa gayon hinahadlangan mo ang evangelio upang ipangaral. Talikdan ang iyong pagsira at hindi pagtupad sa iyong mga panata sa Dios. Talikdan ang iyong kasalanan sa hindi pagiging di tapat sa simbahan ng Dios. Talikdan ang iyong kasalanan ng hindi pagdidisiplina sa iyong mga anak at hindi pagpapalaki sa kanila sa isang makaDios na paraan. Talikdan ang iyong kasalanan ng pag iinom ng alak, hindi paninindigan kasama ng Dios upang tulungan ang mga dukha at pagtatanggol sa naapi, at sa hindi pagsusulong ng makaDios na pag aasawa at hindi pagtuturo at pagpapahalaga sa pag aasawa sa isang makaDios na kabiya. Panginoon hinihiling ko na patawarin mo ako; Ako’y nagsisisi at tinatalikdan ang sumusunod na mga kasalanan _____.

Panginoon ipinangako ko ang aking sarili ngayon na tuparin sa iyo kung anong aking ipinanata _____.

Panginoon, mabubuhay ako sa paraang maging mabuting halimbawa sa inyong simbahan at sa iyong bayan upang sila ay mahikayat na sumulong at tuparin ang kanilang mga panata sa inyo. Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na mamuhay ng isang makaDiyos na buhay at maging isang mabuting halimbawa upang ang evngelio ay higit pang maipangaral at maabot ang mas maraming mga bagong tao. Panginoon, palakasín at itaguyod mo ako, maglaan at protektahan mo ako upang patuloy akong maglingkod sa iyo.

Panginoon dalangin ko sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na nagsisi sa kanilang mga kasalanan, at handang manumbalik sa iyo at tuparin ang kanilang mga panata sa iyong kalagitnaan ng iyong simbahan. Panginoon itaas sila ng iyong biyaya at awa, bigyan sila ng kalakasan at ibigay ang kanilang pangangailangan upang patuloy silang maglingkod sa iyo at isapamuhay ang kanilang buhay sa iyo. Panginoon gawin ang kanilang buhay na mabuting patotoo sa iba na magpatuloy at maglingkod sa iyo.

Panginoon pagpalain kami bilang iyong simbahan itaas kami ng iyong biyaya upang patuloy naming turuan at disiplinahin ang aming mga anak at ang bagong mga alagad ng mga alituntunin na aming natutunan ngayon sa

iyong Salita upang tuparin ang aming mga ipinanata; sa pagsunod sa Salita ng Dios, sa hindi pag iinom ng alcohol, tungkol din sa katarungan at manindigan kasama ng mahihirap at ipagtanggol ang naaapi, at sa pagpapatupad ng mga layunin ng makaDios na pag aasawa at sa pagdidisiplina ng ating mga anak at ibigay sila sa Dios upang paglingkuran Siya. Panginoon puspusin silang muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na mga kaloob na kailangan namin sa aming buhay na magpatuloy at paglingkuran ka. Panginoon paging dapatin kami na abutin ang bagong mga tao ng evangelio ni Jesus at gumawa ng mga bagong mga alagad, at sanayin ang bagong mga manggagawa upang magtanim ng bagong pag aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan. 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kaphahaman upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com